



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**



Zest for Progress
Zeal of Partnership

**4**

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 1:
## Nakapagbibigay ng Hakbang ng Isang Gawain
## Pagsulat ng Patalastas at Simpleng Resipi



Pangalan: ______________________________

Baitang/Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vanesa H. Saldon
Floria D. Bongcawil
**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.
**Tagasuri:** Honoria Maryola O. Agum
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jephone P. Yorong Ed.D
**Tagaguhit/ Tagakuha ng Larawan:** Vanesa H. Saldon, Floria D. Bongcawil
**Tagalapat:** Peter A. Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed.D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D.
Jephone P. Yorong Ed.D
Lindo O. Adasa, Jr.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ Nakapagbibigay ng hakbang ng isang gawain; at **F4PS-IIIa-8.6**
- ❖ Makasusulat ng simpleng resipi at patalastas. **F4PU-IIIa-2.4**



# Balikan

**Panuto:** Sa loob ng isang kahon, sundin at iguhit ang ibinigay na mga panuto.

1. Gumawa ng malaking kahon.
2. Gumuhit ng parisukat sa loob ng kahon.
3. Gumuhit ng puso sa loob nito.
4. Isulat ang pangalan ng iyong paboritong tao sa loob ng puso.

| Aralin 1 | Pagbibigay ng Hakbang ng Isang Gawain at Pagsulat ng Simpleng Resipi at Patalastas |
| --- | --- |



# Tuklasin

Tunghayan ang larawan. Subukang sagutin ang mga kasunod na katanungan.



**Tanong:**

1. Ano ang unang hakbang sa paghuhugas ng kamay? Ikalawa? Ikatlo? Huli?

2. Bakit kailangang sundin ang mga hakbang sa paghuhugas ng kamay?

3. Paano nakakatulong sa kalusugan ang wastong paghuhugas ng kamay?

4. Paano nakakatulong ang patalastas na ito sa mga tao?

Sa araling ito, malalaman mo kung paano makapagbibigay ng mga hakbang ng isang gawain at kung paano magsulat o gumawa ng simpleng resipi at patalastas.

Idugtong ang paliwanag ukol sa pagsulat ng prosidyural na teksto.



# Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

## ANO ANG PATALASTAS

Ang patalastas ay isang uri ng komunikasyon na ginagamit para sa pagkakalakal. Isa itong paraan ng pag-aanunsyo ng mga serbisyo at produkto sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyong pangmadla tulad ng paglimbag sa karatula, maririnig sa radio, mapapanood sa telebisyon, at mababasa sa mga magasin at dyaryo. Ito ay naglalaman ng mensaheng nagpapabatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa:

- gaganaping palatuntunan o iba pang gawain;
- panawagan sa madla;
- kautusan ng bayan o paaralan;
- pangangailangan sa hanapbuhay; at
- anunsyo sa mga nawawalang tao, bagay, o hayop.

## MGA ANYO NG PATALASTAS

Ang pinakaunang anyo ng patalastas ay ang pag-aanunsyo sa pamamagitan ng bibig. Ang mga tagasigaw sa daan tulad ng mga tindero o tindera ng iba't ibang pagkaing kalye ay nanghihikayat sa mga tao na bumili sa kanilang paninda. Hanggang ngayon ay laganap pa rin ang anyong ito ng patalastas sa tuwing may nagtitinda at sumisigaw sa kalsada upang kunin ang atensyon ng mga tao sa kabahayan.

Ang ikalawang anyo ng patalastas ay ang nakalimbag na patalastas na lumaganap sa anyo ng poster at karleton matapos maimbento ang imprenta noong ika-15 na siglo. Nagpatuloy ang anyong ito sa paglaganap ng mga makabagong teknolohiya. Tuluyang nahasa ang radio at telebisyon siya ring pag-usbong ng iba pang anyo ng patalastas.

## MGA DAPAT TANDAAN SA PAGSULAT NG PATALASTAS

1. Alamin ang target na mga mamimili o gagamit. Maging tiyak kung para kanino ang gagawing patalastas – ano ang estado o kalagagayan sa buhay, ano ang sakop na gulang o edad, ano ang trabaho o hanapbuhay;
2. Alamin ang pangangailangan ng target na mamimili. Ano ba ang karaniwang hinahanap na produkto o serbisyo sa kasalukuyan?
3. Suriin ang katangian ng produkto na bibigyang-diin upang tiyak na mabihag ang kalooban at maimpluwensiyahan ang pagsasagawa ng desisyon;

Sa paggawa ng patalastas, isaalang-alang ang:

- ❖ Wikang gagamitin;
- ❖ Kulay;
- ❖ Haba (lalo na kung ito ay isasahimpapawid sa radio o ipapalabas sa telebisyon);
- ❖ Saan ito ilalagay lalo na kung nakakaratula o tarpaulin;
- ❖ Mensahe; at
- ❖ Kahulugan.

*(Alab Filipino. Agarrado, Patricia Jo C. et al. (2016). pahina 125.)*



# Pagyamanin

**Panuto:** Narito ang resipi sa paggawa ng Kalamansi Juice. Isaayos at lagyan ng bilang ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ng hakbang sa paggawa nito.

**Mga Sangkap**

¼ kilo Kalamansi
3 kutsarang asukal
3 basong tubig
Yelo

**Mga Hakbang**

_______ A. Haluin at ilagay sa isang lalagyan. Lagyan ng yelo kung nais.
_______ B. Lagyan ng 3 kutsarang asukal ang 3 basong tubig.
_______ C. Pigain ang kalamansi sa isang salaan.
_______ D. Hiwain ang kalamansi sa may puno nito. Ingatang huwag mahiwa ang mga buto.
_______ E. Hugasan at patuyuin ang mga kalamansing gagamitin.



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang teksto. Lagyan ng tamang impormasyon ang sinasaad ng balangkas sa ibaba.

Si Fely ay kaibigan mong nagbibenta ng mga candies na siya mismo ang gumagawa. Nasa Purok 2, Ma. Uray ang maliit niyang tindahan na katabi lang ng kanilang bahay. Ipinaalam niya sa iyo na idaraos niya ang '*Sweet Candies buy 10 take 5*' Promo sa darating na Disyembre 24 bilang selebrasyon sa Pasko. Gusto niyang lumago at dumami pa ang kanyang mga mamimili kung kaya nilapitan ka niya upang humingi ng tulong. Nais niyang magpagawa sa iyo ng isang patalastas na maaari niyang ipamigay sa mga tao upang mas dumami ang mga taong nakakaalam sa kanyang munting negosyo

**PATALASTAS!**

**Ano?** ________________________________

**Sino?** ________________________________

**Kailan?** ______________________________

**Saan?** _______________________________

**Gawain B**

**Panuto:** Lapatan ng wastong bilang ang bawat larawan upang masunod ang mga hakbang sa "Pagluluto ng Kamote".




A. ______



B. ______



C. ______



D. _______



E. ______



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan ko ang kahalagahan sa pagsunod sa mga hakbang ng mga gawain. Mahalaga ang pagsunod sa mga hakbang upang ______________________________________________________________
__________________________________________________________.

Nalaman ko rin na ang patalastas ay __________________________________
________________________________________________________.



Nilalayon ng paggawa ng patalastas na _______
___________________________________________________
___________________________________________________.



# Tayahin


I. **Panuto:** Sumulat ng patalastas ayon sa isinasaad ng nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang kahon sa ibaba.


| |
|---|
| Sinasabi ng inyong guro na may pulong ang mga PTA sa darating na Marso 15, 2021. Ang lahat ng mga magulang ay kailangang dumalo. Gaganapin ito sa Mababang Paaralan ng Ma. Uray sa ganap na ika-3 ng hapon. |


**II.** ***Panuto: Bumuo ng pangungusap mula sa larawan upang masunod ang mga hakbang sa pagsasaing. (2 puntos bawat bilang)***













# Karagdagang Gawain

Gamit ang iyong mga nalaman sa modyul na ito, gumawa ng isang simpleng resipi na kaya mong lutuin para sa kaarawan ng iyong ina.

**RUBRIK SA PAGGAWA NG SIMPLENG RESIPI**

| Pamantayan | 5 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|
| **Kompleto at Angkop na Kasangkapan** | Eksakto ang mga sangkap na ginamit sa simpleng resipi. | May konting sangkap na kulang o hindi kaya ay sobra na hindi nagamit sa paggawa ng resipi. | May maraming sobra o kakulangan sa mga sangkap sa simpleng resipi. |
| **Organisasyon** | Tama ang pagkakasunud-sunod ng mga proseso o hakbang sa resipi. | Hindi gaanong organisado ang mga hakbang sa ginawang resipi. | Walang organisasyon sa ginawang resipi. |

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

*Ayon sa sagot ng bata.*

**Pagyamanin**

A. 5
B. 4
C. 3
D. 2
E. 1

**Gawain A**

**Ano?** 'Sweet Candies buy 10 take 5' Promo
**Sino?** Si Fely
**Kailan?** Disyembre 24
**Saan?** Purok 2, Ma. Uray

**Gawain B**

A. 4
B. 1
C. 3
D. 5
E. 2

**Tayahin**

**I.** Konsiderahin ang lahat ng sagot ng mga bata. Subalit bigyan ng malaking puntos ang may sagot na malapit lamang sa nakasaad sa ibaba:

**Patalastas!**

**Ano?** *Pulong ng mga PTA/ PTA Meeting*
**Sino?** *Lahat ng magulang at mga guro*
**Saan?** *Mababang Paaralan ng Ma. Uray*
**Kailan?** *Marso 15, 2021 sa ika-3 ng hapon*

**II.**

1. Lagyan ng bigas ang kaldero. Siguraduhing tama lamang ang dami ng isasaing.
2. Hugasan ang bigas nang dalawang beses gamit ang malinis na tubig.
3. Sukatin ang dami ng tubig na gagamitin sa pagsasaing gamit ang hinlalaki o ang sukatan sa rice cooker kung mayroon.
4. Isalang sa apoy ang kaldero at hayaang maluto ang kanin.
5. Ihain ang sinaing.

## Sanggunian:


*Mga Aklat*

Agarrado, Patricia Jo, et al. Alab Filipino 5. Quezon City: Vibal Group, Inc. 2016.

Lalunio, Lydia at Ril, Francisca. Hiyas sa Wika 5. Quezon City: LG&M Corporation. 2000.

K to 12 curriculum 2016 Edition (2016). Olivarez, Ranchez and Reyes *Pamana 5.* 2350 Leyte Street, San Andres, Malate Manila: pp. 264-265

Yaman ng Lahi ( Wika at pagbasa sa Filipino) Kagamitan ng Mag- aaral (2015)Sancho C. Calatraba, Modesta R. Jaurigue,Angelika D. Jabines.Meralco Avenue, Pasig City; pp. 103-104

*Internet*

Hair, Ni Rin. (2019, May 13). Halimbawa ng Patalastas ng Isang Produkto. Kinuha mula sa: https://bromotourtravel.net

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunsets
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons,Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land
Region IX

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and breast;
the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## **Trees** by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is
prest
Against the earth's sweet
flowing
breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer
wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has
lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like
me,
But only God can make a tree.